

Ang Pagtatanim Yugto 2

Itinuturo sa atin ng Salita ng Dios ang tungkol sa pagtatanim. Sumulat si Solomon ng tungkol sa pagtatanim. “33 At siya'y nagsalita ng tungkol sa mga punong kahoy, mula sa sedro na nasa Libano hanggang sa isopo na sumisibol sa pader: siya'y nagsalita rin ng tungkol sa mga hayop, at sa mga ibon, at sa nagsisiusad at sa mga isda.” (1 Hari 4:33 KJV) Nagtanim si Solomon ng mga ubasan at naglaan ng tubig para sa mga ito. “4 Gumawa ako sa ganang akin ng mga malaking gawa; nagtayo ako sa ganang akin ng mga bahay; nagtanim ako sa ganang akin ng mga ubasan; 5 Gumawa ako sa ganang akin ng mga halamanan at mga liwasan, at aking tinamnan ng mga sarisaring puno ng kahoy na nagkakabunga; 6 Gumawa ako sa ganang akin ng mga tipunan ng tubig, upang dumilig ng gubat na pagtatamnan ng mga puno ng kahoy.” (Mangangaral 2:4-6 KJV)

Mahilig si Haring Uzias sa gawaing pagtatanim. “10 At siya'y nagtayo ng mga moog sa ilang, at humukay ng maraming balon, sapagka't siya'y nagkaroon ng maraming kawan; sa mababang lupa rin naman, at sa kapatagan; at siya'y may mangbubukid at manggagawa sa ubasan sa mga bundok at sa mga mabungang bukid; sapagka't siya'y may hilig sa bukiran.” (2 Cronica 26:10 KJV)

Itinuro sa atin ng Dios kung paanong magtanim. “2 At kaniyang binangbangan ang palibot at inalis ang mga bato, at tinamnan ng piling puno ng ubas, at nagtayo ng isang moog sa gitna niyaon, at tinabasan din naman ng isang pisaan ng ubas: at kaniyang hinintay na magbunga ng ubas, at nagbunga ng ubas gubat.” (Isaias 5:2 KJV) * Itinuro sa atin na ang lupang gusto nating taniman dito ay dapat na nakabakod upang hindi hayaang makatapak ang mga manloloob sa mga bagong halaman o pumitas ng mga bunga. * Tinuturuan tayo ng Dios na piliin ang pinakamainam sa ating binhi na itanim at obserbahan at bantayan ang ating itinanim at gampanan ang mga pangangailangan nito. “1 Ako ang tunay na puno ng ubas, at ang aking Ama ang magsasaka.” (Juan 15:1 KJV)

Kailangan ng pagtatanim ang patuloy at walang tigil na pagsusumikap para sa pagpapatuloy nito kung hindi kahirapan ang magiging kapalaran natin, “30 Ako'y nagdaan sa tabi ng bukid ng tamad, at sa tabi ng ubasan ng taong salat sa unawa; 31 At, narito, tinubuang lahat ng mga tinik, ang ibabaw niyaon ay natakpan ng mga dawag, at ang bakod na bato ay nabagsak. 32 Ako nga'y tumingin, at aking binulay na mabuti: aking nakita, at tumanggap ako ng turo. 33 Kaunti pang tulog, kaunti pang idlip, kaunti pang paghahalukip ng mga kamay upang matulog: 34 Gayon darating ang iyong karalitaan na parang magnanakaw; at ang iyong kasalatan na parang nasasandatahang tao.” (Kawikaan 24:30-34 KJV) * Maraming mga tao ang may magandang mapagkukunan upang magtanim ngunit hindi nila ipinakita ang kasipagan, kaya makikita mo ang mga lupaing nakapaligid sa kanilang mga bahay ay walang bunga. * Ang matalinong masipag na asawa ay nagtatanim sa hardin at hinihikayat ang kanyang sambahayan na magtrabaho sa isang pangkat para mapanatili ito. “16 Kaniyang minamasdan ang bukid at binibili: sa pamamagitan ng kaniyang kamay ay nagtatanim siya ng ubasan.” (Kawikaan 31:16 KJV)

Itinuturo sa atin ng Dios ang tamang panahon at tamang oras ng pagtatanim. “1 Sa bawa't bagay ay may kapanahunan, at panahon sa bawa't panukala sa silong ng langit: 2 Panahon ng kapanganakan, at panahon ng kamatayan; panahon ng pagtatanim, at panahon ng pagbunot ng itinanim;” (Mangangaral 3:1-2 KJV) “4 Ang nagmamalas sa hangin ay hindi maghahasik; at ang tumitingin sa mga alapaap ay hindi aani. 6 Ihasik mo sa uma ang iyong binhi, at huwag mong iurong ang iyong kamay sa hapon; sapagka't hindi mo nalalaman kung alin ang tutubo, kung ito o yaon, o kung kapuwa magiging mabuti.” (Mangangaral 11:4,6 KJV)

Tinuruan tayo ng Dios kung paano makakuha ng tubig bilang tayo'y nananalangin. “7 Magsiingi kayo, at kayo'y bibigyan; magsihanap kayo, at kayo'y mangakasusumpong; magsituktok kayo, at kayo'y bubuksan:” (Mateo 7:7 KJV) Tinuruan tayo ng Dios na manalangin at humiling sa Kanya upang ipadala ang ulan sa gayo'y madiligan ang ating mga halaman. “17 Si Elias ay isang taong may pagkataong gaya rin ng atin, at siya'y nanalangin ng buong ningas upang huwag umulan; at hindi umulan sa lupa sa loob ng tatlong taon at anim na buwan. 18 At muli siyang nanalangin; at ang langit ay nagbigay ng ulan, at ang lupa ay namunga ng kaniyang bunga.” (Santiago 5:17-18 KJV) “16 Ngayon nga'y tumahimik kayo at tingnan ninyo itong dakilang bagay na gagawin ng Panginoon sa harap ng inyong mga mata. 17 Hindi ba pagaani ng trigo sa araw na ito? Ako'y tatawag sa Panginoon, na siya'y magpapasapit ng kulog at ulan; at inyong malalaman at makikita na ang inyong kasamaan ay dakila, na inyong ginawa sa paningin ng Panginoon sa paghingi ninyo ng isang hari. 18 Sa gayo'y tumawag si Samuel sa Panginoon; at ang Panginoon ay nagpasapit ng kulog at ulan ng araw na yaon: at ang buong bayan ay natakot na mainam sa Panginoon at kay Samuel.” (1 Samuel 12:16-18 KJV) Tinuruan tayo ng Dios na ang kasalanan ay makakahadlang sa pagdating ng ulan, ngunit ang pananalangin at paghahayag ng kasalanan ay magdadala ng ulan at pagagalingin ang lupain: “35 Pagka ang langit ay nasarhan, at walang ulan, dahil sa sila'y nagkasala laban sa iyo; kung sila'y dumalangin sa dakong

ito, at ipahayag ang iyong pangalan, at talikdan ang kanilang kasalanan, pagka iyong pinighati sila: 36 Dinggin mo nga sa langit, at ipatawad mo ang sala ng iyong mga lingkod, at ng iyong bayan Israel, pagka iyong tuturuan sila ng mabuting daan na kanilang dapat lakaran; at paulanan mo ang iyong lupain na iyong ibinigay sa iyong bayan na pinakamana.” (1 Hari 8:35-36 KJV) “14 Kung ang aking bayan na tinatawaq sa pamamagitan ng aking pangalan ay magpakumbaba at dumalangin, at hanapin ang aking mukha, at talikuran ang kanilang masamang mga lakad; akin ngang didinggin sa langit, at ipatatawad ko ang kanilang kasalanan, at pagagalingin ko ang kanilang lupain. “ (2 Cronica 7:14 KJV) Kaya, kailangan nating maging maingat na maaring ang kasalanan ay mag alis ng ulan at pagpapala ng Dios at mawalang saysay at di mamunga ang ating lupain. “16 At sinabi ni Caleb, Ang sumakit sa Chiriath-sepher at sumakop, sa kaniya ko papagaasawahin si Axa na aking anak na babae. 17 At sinakop ni Othoniel na anak ni Cenez, na kapatid ni Caleb: at pinapagasawa niya sa kaniya si Axa na kaniyang anak na babae. 18 At nangyari, nang si Axa ay malakip sa kaniya, na kinilos nito siya na humingi sa kaniyang ama ng isang parang: at siya'y bumaba sa kaniyang asno, at sinabi ni Caleb sa kaniya, Anong ibig mo? 19 At kaniyang sinabi, Pagpalain mo ako; sapagka't inilagay mo ako sa lupaing Timugan, ay bigyan mo rin ako ng mga bukal ng tubig. At ibinigay niya sa kaniya ang mga bukal sa itaas at ang mga bukal sa ibaba.” (Josue 15:16-19 KJV) Si Axa ay magaling na babae. Nang nakuha niya ang isang bahagi ng lupain, pinagsumikapan niya ito upang tiyakin ang mapagkukunan ng tubig upang matubigan ito.

Ipinakita sa atin ng Dios kung paanong ang mga halaman ay lumago sa tamang panahon upang anihin ang mga ito. “26 At sinabi niya, Ganyan ang kaharian ng Dios, na gaya ng isang taong naghahasik ng binhi sa lupa; 27 At natutulong at nagbabangon sa gabi at araw, at sumisibol at lumalaki ang binhi na di niya nalalaman kung paano. 28 Sa kaniyang sarili ay nagbubunga ang lupa; una-una'y usbong, saka uhay, pagkatapos ay butil na humihitik sa uhay. 29 Datapuwa't pagka hinog na ang bunga, ay ginagamit agad ang panggapas, sapagka't dumating na ang pagaani.” (Marcos 4:26-29 KJV) Lubos tayong nahihikayat kapag nakikita natin ang mga halaman na tumutubo sa ilalim ng kapangyarihan ng Dios. Siya ang nagpapalago sa mga ito at nagpapaunlad sa gawa ng ating mga kamay.

Itinuro sa atin ng Dios ang tamang panahon ng paghahasik; dahil sa bawat lugar may tamang panahon para magtanim ng isang natatanging halaman. “31 At ang lino at ang cebada ay nasaktan; sapagka't ang cebada ay naguuhay na at ang lino ay namumulaklak na. 32 Datapuwa't ang trigo at ang espelta ay hindi nasaktan: sapagka't hindi pa tumutubo.” (Exodu 9:31-32 KJV)

Itinuro sa atin ng Diyos ang tamang panahon upang itanim ang bawat halaman at ang panahon ng pag aani at kung paano ito gagawin. “23 Pakinggan ninyo, at dinggin ninyo ang aking tinig, inyong dinggin, at pakinggan ang aking pananalita. 24 Nag-aararo bagang lagi ang mang-aararo upang maghasik? Kaniya bagang laging binubungkal at dinudurog ang kaniyang lupa. 25 Pagka kaniyang napatag ang ibabaw niyaon hindi ba niya binibinhian ng eneldo, at ikinakalat ang binhing comino, at inihahanay ang trigo, at ang cebada sa takdang dako, at ang espelta sa hangganan niyaon? 26 Sapagka't itinuturong matuwid sa kaniya ng kaniyang Dios, at itinuturo sa kaniya: 27 Sapagka't ang eneldo ay hindi ginigiik ng panggiik na matalas, o ang gulong man ng karo ay gugulong sa comino; kundi ang eneldo ay hinahampas ng tungkod, at ang comino ay ng pamalo. 28 Ang trigong ginagawang tinapay ay ginigiling; sapagka't hindi laging magigiik: at bagaman pangalatin yaon ng gulong ng kaniyang karo at ng kaniyang mga kabayo, hindi niya ginigiling. 29 Gayon ma'y ito'y mula rin sa Panginoon ng mga hukbo, na kamanghamangha sa payo, at marilag sa karunungan.” (Isaias 28:23-29 KJV) Kinabukasan matapos kong isulat ang bahaging ito ng aklat, natuyo namin ang isang malaking halaga ng buto ng mustasa. Natutuhan ko sa aking isinulat na upang madali at mabilis na makuha ang mga buto mula sa mga tainga, hindi natin kailangang durugin ang mga tainga kundi marahang hampasin ang mga ito gamit ang isang tungkod. Nakakolekta kami ng maraming buto ng mustasa gamit ang pamamaraang ito na natutuhan namin mula mismo sa Salita ng Dios sa *Isaias 28:23-29*.

Natutunan din natin mula sa mga halaman ang maraming mga bagay tungkol sa buhay at naunawaan nating malinaw kung bakit marami sa mga talinghaga ni Jesus ay tungkol sa mga halaman. Ang isang binhi ay maaaring magbunga ng hanggang sa isang daang beses kung susundin natin ang sumusunod na mga tagubilin sa Bibliya:

I. Pagtanggal ng mga bato: “5 At ang mga iba'y nangahulog sa mga batuhan, na doo'y walang sapat na lupa: at pagdaka'y sumibol, sapagka't hindi malalim ang lupa:” (Mateo 13:5 KJV) Kailangan nating alisin ang mga bato at mula sa lupa na gagamitin natin upang magtanim.

II. Pagpapanatili ng sapat na lupa: “5 At ang mga iba'y nangahulog sa mga batuhan, na doo'y walang sapat na lupa: at pagdaka'y sumibol, sapagka't hindi malalim ang lupa: 6 At pagsikat ng araw ay nangainitan; at dahil sa walang ugat, ay nangatuyo.” (Mateo 13:5-6 KJV) Kailangan nating panatilihin ang sapat na lupa upang magtanim.

III. Pagtatangal ng mga dawagan: “7 At ang mga iba'y nangahulog sa mga dawagan, at nagsilaki ang mga dawag, at ininis ang mga yaon.” (Mateo 13:7 KJV) Kailangan nating alisin ang mga tinik sa gayo'y lumaki ang mga halaman.

IV. Paghahanda ng mabuting lupa: “8 At ang mga iba'y nangahulog sa mabuting lupa, at nangabunga, ang ila'y tigasang daan, at ang ila'y tigaanim na pu, at ang ila'y tigtatlongpu.” (Mateo 13:8 KJV) Ang magandang lupa ay kailangang ihanda nang malaya sa mga bato at may magandang pataba.

V. Upang magkaroon ng kamalayan sa mga nasirang damo: “25 Datapuwa't samantalang nangatutulong ang mga tao, ay dumating ang kaniyang kaaway at naghasik naman ng mga pangsirang damo sa pagitan ng trigo, at umalis.” (Mateo 13:25 KJV) Kailangang alisin natin ang mga damo sa gayo'y lumago ang mga halaman.

VI. Pag iikapu sa ating kita upang alisin ng Dios ang mga salot: “10 Dalhin ninyo ang buong ikasangpung bahagi sa kamalig, upang magkaroon ng pagkain sa aking bahay, at subukin ninyo ako ngayon sa bagay na ito, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, kung hindi ko bubuksan sa inyo ang mga dungawan sa langit, at ihuhulog ko sa inyo ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan. 11 At aking sasawayin ang mananakmal dahil sa inyo, at hindi niya sisirain ang mga bunga sa inyong lupa; ni malalagaan man ng bunga sa di panahon ang inyong puno ng ubas sa parang, sabi ng Panginoon ng mga hukbo,” (Malakias 3:10-11 KJV) Kailangan nating mag iikapu sa ating kita upang ipadala ng Dios ang Kanyang biyaya sa mga gawa ng ating mga kamay at alisin Niya ang mananakmal upang hindi ito makapinsala sa mga gawa n gating mga kamay.

VII. Pagbibigay ng ating unang bunga sa Dios ay magpapanatili ng mabuting ani: “9 Parangalin mo ang Panginoon ng iyong tinatangkilik, at ng mga unang bunga ng lahat mong ani: 10 Sa gayo'y mapupuno ang iyong mga kamalig ng sagana, at ang iyong mga alilisan ay aapawan ng bagong alak.” (Kawikaan 3:9-10 KJV) Kailangan nating dalhin ang ating unang bunga sa Dios upang bigyan Niya tayo ng marami at masagang ani.

VIII. Upang magkaroon ng kamalayan ng mga bulate na maaaring ubusin ang halaman magdamag: “6 At naghanda ang Panginoon ng Dios ng isang halamang kikayon, at pinataas sa itaas ni Jonas, upang maging lilim sa kaniyang ulo, upang iligtas siya sa kaniyang masamang kalagayan. Sa gayo'y natuwang mainam si Jonas dahil sa kikayon. 7 Nguni't naghanda ang Dios ng isang uod nang magumaga nang kinabukasan at sinira ang halamang kikayon, na anopa't natuyo.” (Jonas 4:6-7 KJV) Matututo tayong huwag magalit at maghimagsik laban sa Dios at sa Kanyang kalooban kapag hindi natin naabot ang mga naliligaw. Kung hindi, ipapadala ang Dios ang mga uod upang sirain ang ating mga halaman at iyon ay makakagambala sa ating kapayapaan.

IX. Upang gumamit ng pataba: “7 At sinabi niya sa nagaalaga ng ubasan, Narito, tatlong taon nang pumaparito akong humahanap ng bunga sa puno ng igos na ito, at wala akong masumpungan: putulin mo; bakit pa makasisikip sa lupa? 8 At pagsagot niya'y sinabi sa kaniya, Panginoon, pabayaang mo muna sa taong ito, hanggang sa aking mahukayan sa palibot, at malagyan ng pataba: 9 At kung pagkatapos ay magbunga, ay mabuti; datapuwa't kung hindi, ay puputulin mo.” (Lucas 13:7-9 KJV) Ang pataba ay magpapalakas sa mga halaman at gagawing mas mabilis at mas matibay ang paglaki nito. Ginagamit natin bilang pataba ang mga nahulog na dahon ng mga puno, ang mga balat ng gulay at prutas, at ang mga itlog pagkatapos nating pulbusin ito. Isinalansan namin ang lahat ng mga iyon sa mas mababang bahagi ng mga lalagyan, pagkatapos ay sa itaas ng patong na ito inilalagay namin ang lupa at maghasik ng aming mga buto. Sa loob ng ilang buwan na ang mga halaman ay nagsisimulang lumaki, mayroong natural na pag aabuno upang suportahan ang mga halaman at magawa ng mga ito na magbunga ng mabuti.

Itinuro sa atin ng Dios kung paanong mag-imbak para sa mga panahon ng kakulangan: “47 At sa pitong tuong sagana ay nagdulot ang lupa ng sagana. 48 At tinipon ni Jose ang lahat na pagkain sa pitong taon na tinamo sa lupain ng Egipto: at inimbak ang nangasabing pagkain sa mga bayan; na ang pagkain sa bukid na nasa palibot ng bawa't bayan ay inimbak sa bawa't kinauukulan ding bayan. 49 At si Jose ay nagkamaliq ng trigo na parang buhangin sa dagat, na napakarami hanggang sa hindi nabilang; sapagka't walang bilang.” (Genesis 41:47-49 KJV) “6 Pumaroon ka sa langgam, ikaw na tamad; masdan mo ang kaniyang mga lakad at magpakapantas ka: 7 Na bagaman walang pangulo, tagapamahala, o pinuno, 8 Naghahanda ng kaniyang pagkain sa taginit, at pinipisan ang kaniyang pagkain sa pagaani.” (Kawikaan 6:6-8 KJV)

Itinuro sa atin ng Dios na magtiis upang tayo'y maging matagumpay na magsasaka sa ating mga ubasan at sa Kaharian ng Dios. “7 Mangagtiis nga kayo, mga kapatid, hanggang sa pagparito ng Panginoon. Narito, inaasahan ng magsasaka ang mahalagang bunga ng lupa, na may pagtiis, hanggang sa tanggapin ang

ulang maaga at huli.” (Santiago 5:7 KJV) At gagantimpalaan tayo ng ani, “6 Ang magsasaka na nagpapagal ay siyang kailangang unang makabahagi sa mga bunga.” (2 Timoteo 2:6 KJV)

Sa aking Mahal at Minamahal: Ang pagtatanim ay hindi isang pagpipilian o propesyon kundi isang estilo ng pamumuhay ng mga Cristiano na nakasaad sa Bibliya at inilalarawan ito ng Salita ng Dios. Ang pagtatanim ay disiplina mula sa Dios; itinuturo sa atin nito ang mga kasanayan, nalilintang sa atin ang mga mabuting pag-uugali at pangako sa Dios na maging masigasig na tao, masipag, pagkakaroon ng pangangasiwa, mapanalangin mga tao, tagapagbigay ng ikapu at unang bunga, maging mapagtiis, matiyaga, mangangaral para sa Kanyang Salita at magtatamasa ng Kanyang mga dakilang pagpapala.

Manalangin tayo ...

Ang aking Panalangin: Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat para sa lahat ng biyaya mo na inilagay mo sa pamumuhay ng pagtatanim. Panginoon salamat sa lahat ng aral at nakakahikayat na Salita na natutunan ko sa mensaheng ito.

Ipagtapat at talikuran ngayon ang lahat ng iyong mga kasalanan. Ipagtapat at talikuran ang iyong kakulangan sa sipag, pagiging matiyaga at matiyagang tao. Ipagtapat ang iyong katamaran at kawalan ng kasipagan sa paggawa ng iyong trabaho. Ipahayag ang iyong kakulangan sa mga panalangin at kakulangan sa pagbabasa ng Salita ng Dios. Ipagtapat ang iyong kakulangan sa pagbibigay ng iyong mga ikapu at ang iyong mga unang bunga sa Dios. Ipagtapat ang iyong masamang katiwala at ang iyong masamang halimbawa sa iba sa paggamit ng mga sanggunian. Ipagtapat at talikuran ang pag-aaksaya ng iyong oras sa pakikisama sa mga hindi mananampalataya at sa Media, TV, laro at balita. Ipagtapat ang iyong kawalang kagustuhang maglingkod sa Dios at ipalaganap ang Kanyang Salita sa mga di mananampalataya sa paligid mo. Panginoon patawarin mo ako, nagsisisi ako sa mga sumusunod na kasalanan _____

Panginoon Ipinangako ko ang aking sarili sa pagtuturo at sa mga alituntuning natanggap ko sa mensaheng ito. Panginoon Ipinangako ko ang aking sarili na patuloy na magtanim at gawin ang iyong kalooban sa buhay ko. Panginoon Ipinangagkatiwala ko ang aking sarili na ipalaganap ang iyong Salita at maabot ang mga bagong tao sa evangelio ni Jesus. Panginoon Ipinangagkatiwala ko sa aking sarili na maging mabuting katiwala sa lahat ng ibinigay mo sa akin. Panginoon Ipinangako ko ang aking sarili na mag-ikapu at dalhin ang aking unang bunga sa iyo. Panginoon Ipinangako ko ang aking sarili na magparami ng higit pang bunga ng Banal na Espiritu, pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, kahinahunan, kabaitan, kaamuan, pananampalataya, pagtitiis, mahabang pagtitiis, at pagpipigil sa sarili, kaya makikita ng mga tao si Cristo sa pamamagitan ng aking buhay.

Panginoon salamat po sa mga Kapatid ko na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at bumalik sa inyo at handang gawin ang mga mabubuting gawa na inihanda mo nang maaga para sa kanila. Panginoon turuan mo sila ng iyong mga landas at gabayan sila nang paunti-unti sa kanilang buhay at bigyan sila ng tagumpay sa lahat ng gawa ng kanilang mga kamay.

Panginoon, patuloy mo kaming pagpalain bilang iyong simbahan at patnubayan mo kami na turuan ang iyong mga bayan ng iyong Salita at iyong mga landas. Panginoon ipinangako namin ang aming sarili na isulong ang pag-abot sa mga bagong tao at lugar sa pamamagitan ng evangelio ni Jesucristo. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng mga espirituwal na kaloob na kailangan natin upang pumunta at mag-evangelio, at gumawa ng mga bagong disipulo at sanayin ang mga bagong manggagawa upang pumunta at magtanim ng higit pang mga pag-aaral sa Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon kunin ang mensahe at ipalaganap ito at gawing maabo nitot ang lahat ng mga kapisanan, pamilya at mga miyembro ng simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, ‘Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.’ Panginoon pagpalin kami, palawakin ang lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Pagtatanim Yugto 2. 1 Hari 4:33. Mangangaral 2:4-6. 2 Cronica 26:10. Isaias 5:2. Juan 15:1. Kawikaan 24:30-34. Mga Kawikaan 31:16. Mangangaral 3:1-2. Mangangaral 11:4, 6. Mateo 7:7. Santiago 5:17-18. I Samuel 12:16-18. I Mga Hari 8:35-36. 2 Cronica 7:14. Josue 15:16-19. Marcos 4:26-29. Exodo 9:31-32. Isaias 28:23-29. Mateo 13:5-8, 25. Malakias 3:10-11. Kawikaan 3:9-10. Jonas 4:6-7. Lucas 13:7-9. Genesis 41:47-49. Kawikaan 6:6-8. Santiago 5:7. 2 Timoteo 2:6

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan

Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAE AACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com